

1

Sabi ng nanay niya, ang buhay ay parang mundo. Bilog. Umiikot. Kapag minsan nasa itaas, kung minsan ay nasa ibaba.

Naniwala si Yumi sa nanay niya—sa lahat ng sinabi nito. Kaya lang hindi niya maintindihan kung bakit: a) ipinanganak siyang poorita at hanggang ngayon poor pa rin siya. Hindi ba kung may logic ang statement ng ina, dapat mayaman na siya? b) Noong umikot ang bilog na mundo, bakit kaya hindi pa nahulog ang lecheng supervisor niya na walang alam pagalitan kundi siya? Niloloko na siya ng mga kaibigan niya. Binansagan na siyang Bubbles dahil sa limit niya raw masabon, at c) bakit hanggang ngayon, hindi pa nagpapanagpo ang posisyon nila ni Marc Anzon? Kasi kung papunta siya sa itaas at papunta ito sa ibaba, hindi ba dapat sa isang parte ay magkakatapat sila?

Crush niya noong high school ang binata. Pero si Marc Anzon ay matangkad, matalino, guwapo, mayaman...

Matangkad din naman si Yumi. May talino rin kung kaya nga iskolar siya sa school na pangmayaman

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

kung saan nag-aral ang lalaki. Higit sa lahat, maganda siya. Promise. Lagi nga siyang gustong kuning reyna sa Santacruz, hindi nga lang Reyna Elena. Ang napipili para roon ay iyong mas maputi, eh, morena siya. Itim-itiman siya kaya naman minor reyna lang siya sa parade.

But anyway, so matangkad siya, matalino, maganda... at doon na nagtatapos ang lahat.

Hindi kasi siya mayaman. Kapag nasa eskuwelahan ka ng mga sosyal, kahit matalino at maganda, hindi 'in' ang pagiging hindi mayaman. Ang tawag sa iyo ay 'nerd'. Idagdag pa ang bansag na 'baduy' kung wala kang pambili ng mga in na outfit.

Kaya ganito naman ang description sa kanya: Mayumi Reyes—nerd, baduy at mahirap. Kung i-interview-hin ang muse nilang si Nicole, malamang ang isagot nito ay, *“Uhm, si Yumi? The girl na black lang ang shoes kapag non-uniform day? May hitsura siya, especially if she will like, you know, fix her hair. But seriously, she needs to make tapon na her kawawa na bag kasi it’s like so luma already.”*

Aargh!

Kapag ang katulad niya ay na-in love sa tulad ni Marc Anzon, para siyang nanliligaw ng broken

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

heart. Kaya naman, sa edad niyang twenty-six and a half, durog-durog na ang puso niya. Dahil hanggang ngayon ay in love pa rin siya rito.

Hindi na siya mukhang nerd. Hindi na rin siya matatawag na baduy dahil nakakabili na siya ng mga damit na ayon sa natural niyang panlasa. Pero mahirap pa rin siyang maituturing. Poverty could be relative, right?

Isa pa, may girlfriend si Marc. Si Pia Elizalde. Gets? Pangalan pa lang tunog mayaman na.

Nagtatrabaho sila ni Marc sa iisang kompanya mula pa noong nakaraang tatlong taon. Pero nasa Executive Offices ang binata bilang VP for Communications; siya ay supervisor sa Human Resource Department. Ang layo ng agwat nila. Para pa ring noong high school kung saan siya ay first honor ng freshman class niya, pero si Marc ay Student Council President at saka MVP ng basketball team.

Kapag siguro tinagilid at inalog-alog ang bilog na mundo niya ay saka pa lang sila magkakatapat.

Paano inalog ang mundo?

Minsan mas literal ang sagot kaysa inaasahan...

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Hinala ni Yumi ay mayroon siyang claustrophobia. Sabi sa mga libro, ang claustrophobia ay isang hindi maipaliwanag o irrational na takot sa masisikip at maliliit na lugar. Hindi malala ang phobia niya para kailanganin ng psychiatrist. Sapat lang para tuwing sasakay siya ng elevator ay kailangan niyang pumikit nang ilang segundo at umawit sa utak niya ng *'Heal the World'* ni Michael Jackson para mapapanatag ang kaba sa dibdib niya. Kilala na siya nang kanilang elevator operator kaya alam na nitong kailangan siyang kalabitin kapag nasa floor na niya siya para magmulat siya.

Nang araw na iyon ay nakasiksik siya sa sulok ng elevator at nakapikit as usual. Biglang naramdaman niya ang paghinto ng elevator na parang isang sasakyang nagpreno dahil may tumatawid na pusa/aso/taong tatanga-tanga sa daan. Nagmulat siya sa dilim na agad ding pinalitan ng liwanag galing sa emergency lamp.

“Huwag po tayong magpapa-panic. Konting problema lang po,” sabi ni Ben, ang elevator operator.

Iminulat ni Yumi ang isang mata. “Anong klaseng problema?” may panic sa boses na tanong niya.

“Na-stuck po tayo sa pagitan ng floors, pero nag-press na po ako ng emergency. Maghintay lang

po tayo.”

Hindi siya makahinga. “Ben, huwag kang magbibiro ng ganyan.”

“Naku, Ma’am Yumi, hindi po ako nagbibiro.”

Humarap siya sa kanto ng elevator at isinandal ang ulo sa malamig na panel, nilalabanan ang panic na nagsisimula sa dibdib niya patungong lalamunan. Sa utak niya ay may sandamakmak na boses tila mabilis na nagsasalita.

Lord, mamamatay na ako.

“Yumi, okay ka lang ba?” Narinig niya ang boses pero hindi agad iyon nag-register sa utak niya. “Yumi?” ulit nito.

Si Marc Anzon iyon!

Kahit nasa panic attack mode siya ay pamilyar ang boses na iyon. Marahan siyang humarap dito. Nararamdaman niya ang pamumuo ng malamig at butil-butil na pawis sa kanyang noo. Nakikita niya ang concern sa magagandang mata na nakatitig sa kanya pero nakikita niya rin na tila lumiliit ang compartment na sila nina Ben, Marc, at isang hindi niya kilalang lalaki ang sakay. Nakita niya nang bahagya sa salaming nakapalibot sa elevator ang

takot sa kanyang mga mata.

Umiling siya bilang sagot kay Marc. She was so not okay. Nanginginig siya at para pigilan iyon, hinayaan niya ang sariling umupo at sumandal sa elevator. Nakataas ang dalawang kamay niya sa magkabilang gilid ng pisngi.

Lumuhod ang lalaki sa tabi niya. “Hey, it’s all right,” mahinang sabi nito sa kanya.

“No,” she gasped. “T-takot ako sa enclosed spaces. H-hindi ko k-kayang magtagal rito. I’m gonna die.”

Kinuha ng binata ang kanyang dalawang kamay at hinawakan iyon. “Yumi, look at me. No one is going to die, okay.”

Gusto niyang maniwala dahil si Marc ang nagsabi. And his eyes were looking straight into her to assure her.

Umiling siya. Pakiramdam ng dalaga nauubos na ang hangin sa kanyang dibdib at may tumitili sa utak niya. Sigurado siyang mamamatay na siya at hindi ang presensya ng isang Marc Anzon ang makakapigil doon. Ang tangi niya lang konsolasyon kung mamatay siya, mangyayari iyon na hawak siya ng binatang ito. She would die a happy death.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Naramdaman niyang umupo ang dating schoolmate sa tabi niya at inakbayan siya. Kinausap siya nito na para bang isa siyang bata. “Come here, would you feel better kung pipikit ka ulit and if I hold you like this?”

Takot lang si Yumi, hindi tanga para tanggihan ito. Sinubukan niya. Pumikit siya at humilig sa dibdib nito. His right arm was around her shoulder and his other hand was slowly rubbing her hand.

“Take deep breaths,” utos nito.

Nagsisimula na siyang kumalma nang muling umandar ang elevator.

“Thank you, Sir Marc,” mahinang sabi ni Yumi nang sa wakas ay makalabas sila ng elevator. Bahagyang nanghihina pa rin siya pero conscious na siya sa nangyari. Nagsisimula na rin siyang mapahiya.

“Okay ka na ba?” nag-aalala pa ring tanong ng lalaki.

“Okay na po.”

“Sir? At po? Yumi, bakit mo naman ako pino-po? Parang di naman tayo nag-abot sa high school. Two years lang tanda ko sa iyo, right? Second year

ka noong fourth year ako.”

Napanganga ang dalaga.

“Bakit parang gulat na gulat ka?”

“Ha? Wala. The truth is, hindi ko lang alam na kilala mo ako,” tugon niya.

Kasi sa tagal na pagtatrabaho nila sa iisang kompanya, kahit paminsan-minsan itong ngumingiti sa kanya kapag nagkakasalubong sila o bumabati kapag may party, hindi pa ito nagpakita ng atensyon na ibinibigay nito sa kanya nang sandaling iyon. Nunca rin siyang tinawag nito sa pangalan niya. Sa pagkakaalam nga ng dalaga, hindi nito alam na nag-e-exist ang isang Mayumi Reyes.

Kumunot ang noo ni Marc. “Bakit naman kita hindi makikilala? Noong third year ako at magbotohan kami ng mga kabarkada ko kung sino ang prettiest freshman, ikaw ang nanalo.”

“What? Hindi ko alam ’yun, ah,” sa wakas ay nasabi niya. Para tuloy biglang humulas ang epekto ng pagkakakulong niya sa elevator.

He shrugged. “May pagkamahiyain ka kasi noong high school.”

“Baka nga,” sagot ni Yumi. “Pero salamat talaga.

I feel so stupid, actually.”

“Hindi stupid ’yun. It was a real feeling. Buti nga ganoon ka lang mag-react. My sister has fear of heights. Kapag dinala mo siya sa medyo mataas na lugar pa lang, magtititili talaga iyon o kaya naman magko-collapse.”

“Wow. Ang hirap siguro noon.” Naintindihan niya kung bakit alam nito kung paano siya i-handle. “Salamat talaga. I would—” Hindi niya naituloy ang sinasabi dahil nag-ring ang telepono niya. “Excuse me, S—Marc.”

Ngumiti ito ng pagpapahintulot.

“Hello,” sagot niya sa phone.

“Mayumi, where are you? Late ka na naman!” Si Josefina, ang boss niya, ang nasa kabilang linya.

“I’m sorry kasi na-stuck ’yung—”

“No excuses. You get your butt right here!” Binabaan siya nito ng telepono.

“Who is that? Naririnig ko ang boses niya mula rito,” komento ni Marc pag-end niya ng tawag.

“My boss. Galit na siya kasi late na ako. I better run. Thanks so much again.”

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Sure. Kapag sasakay ka ulit ng elevator, text mo lang ako. I’m your official elevator superhero,” nakangising sabi ng binata.

Naramdaman ni Yumi ang pag-iinit ng pisngi. Inisip niya kung tamang pagkakataon na iyon para kunin ang number nito. Pero kinapos siya ng lakas ng loob. And besides, medyo nahihilo pa rin siya. Naramdaman niya kasi ang biglang pag-alog ng mundo niya.

2

“Bubbles! Huy!” Ikinaway ng kaibigan niyang si Stella ang isang kamay sa harapan niya para mapansin.

“Ano ba?” inis na sagot ni Yumi. Una ay dahil sa pagtawag sa kanya ng ‘Bubbles,’ pangalawa ay dahil sa pagharang nito sa view niya habang nakaupo siya sa food court ng kanilang office building.

“Bubs?”

“Stop calling me Bubbles!” singhal niya rito. “At saka tumabi ka riyan.”

“Hoy, Yumi. Tigilan mo na iyang katititig kay Sir Marc.”

Inalis niya sandali ang tingin sa binatang binanggit nito na noon ay naghihintay ng medium-cooked T-bone steak nito sa *SteakHouse*.

Bakit niya alam kung ano ang in-order nito?

Dahil minsan lang kumain doon ang binata at kung ginagawa nito iyon, iyon lang ang tangi nitong ino-order sa kainang iyon. Hindi iyon dahil stalker siya.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Ang guwapo niya talaga,” buntong-hininga ni Yumi. “And ang bait-bait pa.”

“Amen,” tugon ni Stella na parang sumasagot sa litanya ng dasal dahil pauli-ulit na niya iyong sinasabi mula noong mangyari iyong eksena sa elevator kahit hindi na iyon nasundan ng kahit ano.

Inirapan niya ito bago ibinalik ang tingin sa kinakain at inabala ang sarili sa pag-aalis ng tinik sa pritong bangus na ang sabi sa menu board ay boneless daw.

“Excuse me, Yumi, puwede ba akong maki-share ng table?”

Tumingin siya sa nagsalita. At kinailangan pang sipain ni Stella ang paa niya sa ilalim ng mesa para maalala niyang isara ang bibig niya.

“S-sure,” sagot niya.

“It’s crazy in here kapag lunchtime,” conversational na sabi ni Marc. “Wala nang mahanap na available na place.”

Pati yata ang kaibigang kasama niya ay tila na-starstruck. “Uhhh, kailangan ko palang kunin iyong pina-photocopy ko sa second floor,” sabi nito. “Sige po, Sir Marc, una na ko. Bubbles—este, I’m sorry—

Yumi, kita na lang tayo sa itaas.”

Iwan ba siyang mag-isa? Kapag nagkita sila sa itaas, sasakalin niya ito.

“Bakit ka niya tinawag na ‘Bubbles?’” tanong sa kanya ni Marc nang makaalis ang babae.

Hindi niya lang muna sasakalin si Stella. Ito-torture niya muna. Nagbuntong-hininga si Yumi. “Lagi raw kasi akong nasasabon ni Miss Josie.”

Tumawa ito. “I’m sorry, pero... Bubbles?”

“Don’t!” banta niya rito.

Bigla ang pagpipigil nitong matawa, pero kita pa rin sa mukha ang amusement. “Bakit ka naman laging nasasabon? You seem like a real smart person.”

Umulit siya ng buntong-hininga. “Malaybalay, Bukidnon.”

Kumunot ang noo nito. “Ha?”

Natawa siya sa pagiging clueless nito. Mahirap sigurong maging mayaman na kulang ng tambay sa kanto. “Ibig lang sabihin n’un, malay ko. Hindi ko alam. Expression lang ’yung karugtong.”

“Ah.”

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Favorite ako ni Miss Josie, eh. Hindi makokompleto ang araw n’un kapag di niya ako napansin. It could be anything as simple as na-late ako ng five minutes, which is really within the grace period o kaya naman napatagal ako sa phone or nagka-virus ang computer niya o biglang mali ang gising niya... basta! And I’m sorry, I really shouldn’t be talking about my superior like this.”

“It’s okay, Yumi. Hindi ko ipagsasabi,” anito.

Siya naman ang natawa. Para kasing napakalaking sekreto niya ang gusto nitong itago. “Buti naman.”

“Uhm, Yumi?” Tila nag-alinlangan ito sa sasabihin. Bahagya niyang itinaas ang kilay para ipaalam dito na hinihintay niya ang sasabihin nito. “May confession sana ako.”

Tumingin siya rito mula sa nilalagay na kanin at ulam sa kutsara. “What?”

“Nakiupo ako rito hindi dahil wala na akong maupuan.”

Lumalakas na ang tibok ng puso ng dalaga.

“Nakiupo talaga ako rito dahil may gusto sana akong sabihin sa iyo.”

Nakatitig ito sa kanya. Hindi alam ni Yumi kung

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

posibleng mabingi sa lakas ng tunog ng sarili niyang puso pero parang iyon ang nangyayari sa kanya. Nakalimutan niya ulit kung paano magsalita.

Nagpatuloy ito, “Actually, hihilingin. May gusto sana akong hilingin sa iyo. A very big favor.”

“Ano ’yun?” Kung tunog hindi makahinga ang boses niya ay isa lang ang posibleng dahilan: hindi na talaga siya makahinga.

“Noong high school, hindi ko alam kung napansin mo pero apat lang talaga kaming magkakabarkada...”

Napansin? Nagpapatawa ba ito?

Mayroon bang hindi nakapansin doon? Sikat si Marc sa school pero tatlo lang ang parati nitong kasama, halos hindi naghihiwalay ang mga iyon. Bukod kay Marc na kilala bilang campus superstar, naroon si Justin na medyo chubby pero cute, maputi, pulang-pula ang mga labi at magaling maggitara. Ang isa pa ay si Ron—makulit, malikot at parating kinakakiligan ng mga girls dahil guwapo at bolero. At si Jeff, ang class emo—tahimik, misteryoso at crush ng mga tipo ng babae na sumasali sa clubs na gaya ng Drama, Malikhaing Pagsulat at saka Young Artists. Doon sa Young Artists siya kasali at ka-club niya si Jeff kahit hindi ito ang crush niya.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Nakikita ko kayo sa campus,” aniya.

“Yeah. Of course. Pero anyway, ang kailangan kong tulong....”

“Yes?”

“Kami lang ni Justin ang naka-base sa Manila. Si Ron ay nasa Canada at si Jeff naman ay nasa UK. Uuwi silang dalawa para... well, naisipan naming mag-out-of-town together.”

Hindi pa rin niya ma-gets kung ano ang kinalaman niya sa pagbabakasyon ng apat na pinakasikat na lalaki sa kanyang high school mahigit isang dekada matapos siyang maka-graduate.

“Sorry, paikot-ikot ako. Anyway, ang usapan ay kasama ang mga... well, partners namin. At gusto ko sanang i-invite ka.”

What the hell!

Mabuti na lang tumigil na si Yumi sa pagsubo. Kung hindi, baka nabilaukan siya. Ito ba ang paraan ng pagsasabi ni Marc na gusto siya nitong maging partner?

“Wala kasing date si Jeff,” dugtong nito.

Nalaglag ang balikat niya.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Nagpatuloy lang ito sa pagsasalita, “Medyo mahirap iyon kapag siya lang ang walang kasama. So naisip namin ni Justin baka magandang mag-invite kami ng isang girl to be his date. Remember that day sa elevator?”

Tumango siya.

“Nagkita kami ni Justin that night at nabanggit ko na nagwo-work ka rito. Both of us agreed na perfect ka.”

“Bakit ako?” nagugulimihanang tanong niya.

“Kasi at least, galing tayo sa iisang high school, hindi na kayo mangangapa masyado ng pag-uusapan. And then, baka hindi matuwa si Jeff sa plano namin pero kapag ikaw, hindi iyon makakatanggi.”

“Bakit naman?”

“Kasi may crush sa iyo si Jeff noong high school.”

Tatlo lang ang dahilan kung bakit pumayag si Yumi sa gustong mangyari ni Marc. Una, matagal na nga siyang in love dito. Thus, hindi niya ito matanggihan.

Pangalawa, ayaw niyang pakawalan ang

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

pagkakataong makasama ito. Seriously pathetic na rason iyon pero ang tatlong araw na nasa isang mala-paraisong lugar kasama ang man of her dreams ay isang dream come true para sa kanya, daig pa ang pagtama sa lotto. Go for gold talaga siya kahit pa nga kasama nito si Pia.

At pangatlong dahilan ay ang pangako ng shopping ng buong wardrobe para sa okasyon.

Pero hindi iyong mga damit ang habol niya talaga...

“Sir Marc..”

“Marc na nga lang.”

“Kasi kapag pumayag ako, at hindi ko sinasabing pumapayag na ako, kasi wala talaga akong, uhm,” nilunok niya ang pride niya para amining, “Wala kasi akong mga puwedeng isuot para sa ganoong klase ng weekend.”

In-imagine pa lang niya na sumama siya sa private beach nina Ron na suot ang kaisa-isahan niyang swimsuit at saka iyong natatangi niyang summer dress, natataranta na siya. Seriously.

Si Pia ay fashion icon at palagay niya ay hindi nalalayo sa mga ito ang ibang girls na makakasama

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

roon. Hindi sa banidosa siya pero ayaw naman niyang mapahiya pa si Marc kay Jeff dahil mukhang dinalhan ito ng busabos.

“Oh, that.” Tila hindi nito naisip ang posibilidad na iyon para sa isang babae. “Next weekend pa naman tayo aalis. Meron pa tayong isang weekend.”

“Para saan?”

“Problema mo ang wardrobe, di ba?”

“Medyo.”

“Magkita tayo this Saturday sa G5. Ibibili kita ng buong wardrobe.”

Hindi na niya kailangang ipaliwanag kung bakit siya pumayag makipagkita. Wala iyong kinalaman sa mga bagong damit kahit pa sino ba namang babae ang hindi matutuwa sa mga bagong damit? Ano lang ang libu-libong halaga ng mga damit kumpara sa isa na namang pagkakataong magkita sila ni Marc?

“Feeling mo si San Cai ka talaga,” panunukso sa kanya ni Stella nang nakaraang araw matapos niyang sabihin ang tungkol sa lakad niya sa araw na ito.

“Luma na ang reference mo. F4 is so 2005. Boys Over Flowers na ang in ngayon,” turan niya.

“Parehas lang iyon. Iyon din ang point.”

May puntos si Stella.

Inaalala lang niya ang usapang iyon habang naglalakad palapit sa *Starbucks Coffee* kung saan sila magkikita ng binata, nang matanaw niya si Marc. Nakaupo ito sa isa sa mga mesa sa labas, nagbabasa ng diyaryo habang nagkakape. Inangat nito ang tingin mula sa binabasa na tila naramdaman ang presensya niya. Dahan-dahan itong ngumiti.

Parang gusto nang magkandirit ng puso ni Yumi palabas ng dibdib niya at magtatalon sa sementadong sahig papalapit sa binata.

“Hi,” medyo nahihiyang bati niya.

Tumayo si Marc. “Hi, thanks for coming. Akala ko nagbago na ang isip mo.”

Ngumiti siya. “At mawalan ng chance na mapalipat ng ibang department?”

Ah, iyon pala ang isa pang dahilan kung bakit siya pumayag. Bahagi ng deal nila na ire-recommend siya ni Marc na malipat sa Communications Department mula sa HR. Sa halip na internal communications ang gagawin niya, magiging external na. Sa halip na si Miss Josie, magkakaroon siya ng bagong boss.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Diyos ko, please lang naman. Sapat na siguro ang pagdurusa niya kasama ang babaeng iyon. No promises daw sabi ni Marc pero isusulat nito ang rekomendasyon.

Natawa ito. “Gusto mo ba ng kape?”

“No, thanks. Nag-breakfast na ako pero puwede mo namang tapusin muna ang sa ’yo. Maghihintay lang ako.”

“Sige. Five minutes. Sure kang ayaw mo?”

“Yup.” *Makita ka lang uminom ng kape, okay na ako.* Siyempre hindi niya iyon sinabi nang malakas. “I’m okay.”

Nalulula si Yumi sa presyo ng mga damit. Pero hindi niya maikakaila na kapag ang suot mo ay isang sundress na may presyong four digits, pakiramdam mo ay napakaganda mo na. Siyempre, puwede namang psychological lang iyon.

May tinitingnan si Marc sa isang rack ng mga shawls nang lumabas siya ng fitting room.

“Marc, ano sa palagay mo?”

Humatak ito ng isang balabal bago lumingon sa

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

kanya. “Baka dapat bil—” Huminto ito sa pagsasalita pagharap sa kanya. “Bagay sa ’yo. Let’s get that,” sabi nito bago iabot sa kanya ang hawak nitong shawl.

Tumalikod siya rito para tingnan ang sarili sa salamin. Inilugay niya ang buhok mula sa ponytail kaninang isinuot niya ang damit. Bumagay iyon sa peach na bestidang suot niya. Above the knee ang putol nito at ang malambot na tela ay hindi lang masarap sa pakiramdam, maganda ring tingnan dahil lumalapat sa mga tamang lugar sa kanyang katawan.

Nakatayo pa rin sa likuran niya si Marc at kita niya mula sa salamin na nakangiting pinapanood siya nito. Itinaas niya ang isang kamay para ayusin ang bagsak ng kanyang buhok sa gawing likuran.

“Hey, what’s that?” Mas lumapit ito para mag-usyoso.

Bahagyang hinawi nito ang buhok niya para makitang mabuti kung ano ang napansin sa likuran niya. She fought a shiver as his fingers grazed the bare skin of her back.

“It’s a butterfly,” namamanghang banggit nito.

Alam niya ang tinutukoy nito. Nakalabas marahil sa likuran niya ang maliit na maliit na tattoo ng paru-paro. Hinawakan nito ang eksaktong lugar kung

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

nasaan iyon—sa may kanang tirante ng kanyang damit, sa ibabaw ng putol ng itaas na bahagi ng sundress. He seemed fascinated by it because he gently traced the shape.

Susko. Nanginig talaga ang tuhod niya.

“Nakatuwaan ko lang palagyan sa isang kaibigan na may shop sa Malate,” paliwanag ni Yumi.

“It’s nice. Unexpected from someone like you. But for some reason, bagay sa iyo.” Tumingin ito sa kanya at nagtagpo ang mga mata nila sa salamin. Nasa balikat pa rin niya ang isang kamay nito.

Noon niya lang nakita, they looked perfect together.

Nakatingin din ito sa reflection nila at nakita niya ang bahagyang-bahagyang pagkunot ng noo nito. Hindi kapansin-pansin iyon kapag hindi tulad niya na alam na yata lahat ng facial expressions ni Marc. Pero dahil nga siya iyon, napansin niya bago pa ito ngumiti at pabirong inakbayan siya.

“Bagay pala tayo,” nanunuksong hinila pa siya ng lalaki palapit.

‘He-he-he’ ang tunog ng di-komportable niyang tawa.

Dalawang sundresses, dalawang walking shorts, apat na branded t-shirts, dalawang loose blouses, *Havaianas* flip-flops, sandalyas at dalawang balabal pa. Pagkatapos noon ay tapos na ang shopping spree niya.

Kung anu-ano pa ang gustong bilhin ni Marc para sa kanya pero tumanggi na siya. “Huy, tama na. Isang weekend lang ang kailangan ko hindi pang-isang taon,” pigil niya.

Pinagtawanan siya nito. “Alam mo, ikaw lang ang kilala kong babae na tumatanggi sa shopping. Bags, hindi ba tayo bibili?”

“Okay na. May bag naman akong puwedeng gamitin. Pero seriously, Marc, okay na ako. Kaya lang naman ako pumayag dito kasi ayaw kong mapahiya ka sa mga kaibigan mo dahil mukha akong gusgusin sa tabi ng mga ibang girls doon.”

His smile became gentler as he reached out to touch her chin. “Hindi mangyayari iyon. Bakit hindi mo ba alam na maganda ka, Yumi?” Hindi nito hinintay na sagutin niya ang tanong na iyon. “Kahit iyong basahan namin sa bahay ang isuot mo, magiging maganda ka pa rin. I bought these things

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

for you para mas maging confident ka, hindi para lalo kang pagandahin. Baka kapag gumanda ka pa, hindi na kita ireto sa kaibigan ko. I might want to keep you to myself already.”

Iyong kapag nagluluto ka ng sinaing tapos binuksan mo ang takip pagkatapos biglang lalabas ang usok sa kaldero at tatama sa mukha mo? Ganoon kainit ang mukha niya pagkarinig sa sinabi nito.

“May girlfriend ka na kaya,” hindi niya napigilang kumawala iyon sa kanyang bibig.

Natawa muli ito. “Yes, I do have a girlfriend.” Ginulo pa ni Marc ang buhok sa tuktok ng kanyang ulo na para siyang isang kinagigiliwang nakababatang kapatid. “Makikilala mo siya this weekend.”

“Okay.”

“In the meantime, halika! Let’s eat, napagod yata ako sa kakaikot natin. What do you want to eat?”

“Gusto ko lang ng matamis na spaghetti,” sabi ni Yumi.

“Ha?”

“Spaghetti na Pinoy.”

His eyes sparkled yet again with amusement.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Umiling ito. “Sige, may alam akong nagsi-serve ng good pasta. Doon na lang tayo ’tapos babrasuhin ko iyong chef para guluhin niya ang recipe niya at magdagdag ng sugar sa kawawang spaghetti.”

“Yey! Gusto ko iyong parang sa children’s party.”

“Done,” tugon ni Marc bago siya kaswal na akbayan at igiya sa direksyon ng tinutukoy na restaurant.

Doon ay lalo lang niyang na-realize kung bakit si Marc ang pinaka-popular na tao sa campus nila dati. Hindi lang ito good-looking and talented, charming din ito at masayang kausap. Madaling maging komportable kasama nito.

Naintindihan niya ang ibig sabihin ng ‘*good God, good food, good company*’ na siyang dasal ni Stella bago kumain. Busog na busog siya sa dami ng kinain at sa dami ng hangin sa katatawa.

Nang matapos kumain ay sinabi ni Marc na ihahatid na rin siya nito sa bahay. Siyempre hindi rin siya tumanggi. Alam niyang may girlfriend ang binata pero wala naman siyang ginagawang masama. Ini-enjoy niya lang ang isang araw kasama ito. Hindi siguro masamang naisin niya na pahabain ang araw na iyon.

“Dito na ako,” aniya kay Marc para huminto ito sa tapat ng bahay nila.

“Magkalapit lang pala mga bahay natin,” komento ng binata.

“Yeah, sa sunod na village ka lang.”

“Alam mo kung saan ako nakatira?” gulat na anito.

Mabuti na lang madilim sa loob ng kotse. Nag-init na naman ang mga pisngi niya. “Uhm, nakikita ko kasing dumaraan ang kotse mo rito ’tapos nadaanan ko minsan na naka-park sa tapat ng bahay n’yo.”

“Ah. I wonder kung bakit hindi tayo laging nagkikita.”

“Kasi iyong taga-village n’yo hindi nakikisali sa mga taga-village namin,” hindi nakapag-isip na tugon ni Yumi.

“Really?”

“Uh-hum. May sarili kayong mundo sa loob.”
Pang-sosyal, dagdag niya sa isip niya.

“I suppose kasi mahigpit ang mga guards.”

“Baka nga. So, sige, thank you ha.”

“Yumi, for the fifty-seventh time, you’re welcome.”

Nakaramdam siya ng hesitasyon dito na magpaalam agad. “Marc, gusto mo ba munang pumasok? Kape o softdrinks?”

“Sure. Coffee would be great!” sagot nito.

Ipinagbukas pa siya ng lalaki ng pinto ng kotse. Binuksan niya ang gate ng bahay habang tinatawag ang daddy niya para ianunsyo ang kanyang pagdating.

“Pappy! I’m home!”

Sinalubong siya nito. “Ang tagal mo nga, eh. Wala tuloy akong kasabay kumain.”

Malambing na yumakap siya sa ama. “Wala pa ba si Momsie?”

“Mag-o-overtime raw. Bumili pa naman ako ng ice cream para may dessert tayo ’tapos inindiyan mo lang ako.”

“Sorry na. Pappy, oo nga pala, may kasama ako. Si Marc.”

“Marc?” banggit nito pagkatapos ay parang may naalala. “Teka muna, ikaw si Marc Anzon?”

“Ako nga po. Good evening po.”

“Good evening naman sa iyo. Ay sus, kaya naman pala pinabayaan akong mag-isang maghapunan,” biro nito.

“Pappy!” Pinanlakihan niya ng mata ang ama bago humarap kay Marc. “Huwag mong pansinin ang daddy ko. Palabiro lang iyan.”

Mapanukso rin ang ngiti ng binata. “Pasensya na po.”

“Naku, ’ayus lang ’yun. Nami-miss ko lang ang kadaldalan nitong anak kong ito habang kumakain. Lahat na lang ay naikuwento na nito. Kaya kapag wala rito, akala mo napakatahimik ng bahay.”

“Ngayon ko nga lang po nadiskubre iyon. Kasi po parang tahimik naman siya kapag nasa labas.”

“Bumubuwelo lang ’yan. Mag-ingat ka kapag nasimulan niyan ang kadaldalan, susuko ka.”

Tumawa si Marc.

Tumikhim siya. “Eherm, gusto ko lang ipaalala na narito lang ako.”

Inakbayan siya ng ama. “O siya, asikasuhin mo na iyang bisita mo at manonood pa ako ng Wrestling.”

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Tamang-tama wala pa ang mommy mo, puwede ko pang pag-interesan iyong mga divas. Maiwan ko na kayo dito, Marc.”

“Sige po. Thank you. And nice meeting you, Sir,” magalang na tugon ng binata.

“Huwag mo na akong tawaging ‘Sir’. Tumatanda ako. ‘Val’ na lang. O kaya ‘Bok’. Iyon ang tawag sa akin ng mga dabarkads ko.”

Natatawa pa rin ang binata nang iwan sila ng ginoo. “Ang cool naman ng daddy mo.”

“Sabihin mo pa. Ang kulit niyan. Dati nga pinipilit niya akong ‘Val’ na lang ang itawag sa kanya para raw barkada lang ang dating namin. ‘Valdomero’ kasi real name niya. Ang weird kayang Val ang tawag sa sariling tatay kaya nag-fly ang ideya niya. But he is the greatest dad. Siya ang nagpakilala sa akin sa music ng *Beatles*, nagturo sa aking maggitara at saka mag-basketball at bike. Pumalya lang siya sa akin sa swimming. Hindi talaga ako natuto. Ay wait, bakit nga pala tayo nakatayo rito. Halika doon tayo sa may dining. Kape ba ang gusto mo o gusto mong patusin iyong ice cream ni Pappy?”

“Puwede rin iyong ice cream,” nakangiting sabi nito. “Bakit nga pala parang kilala ako ng daddy mo?”

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Huminto siya sa pagkuha ng bowl na paglalagyan ng ice cream. Akala niya ay nakaligtas na siya. “Uhm, naikukuwento ko sa kanya iyong mga tao sa office.”

Binuksan niya ang freezer para hindi nito makita ang epekto ng pag-init ng mga pisngi niya at para palamigin na rin ang mukha niya.

Lumapit ito, halos nakadikit sa may tagiliran niya. “Here, let me help you with that.”

Inabot nito ang gallon ng paborito niyang flavor ng *Selecta*. Dahil nakataas ang braso nito, nakulong siya sa pagitan ng refrigerator at ng dibdib nito. Sa kabilang bahagi niya ay naramdaman niya ang lamig ng yelo pero sa kabila ay ang init mula sa binata. She could also smell his scent. At hindi niya maipaliwanag ang pakiramdam.

Hindi niya napigilang itaas ang paningin dito. Una ay naka-concentrate si Marc sa pagtatanggal ng ice cream pero bumaba ang tingin nito sa kanya at nahuli siyang nakatingin.

Iniwas ni Yumi ang mga mata. Gumalaw siya para makatakas sa tingin nito pero nakakulong pa rin siya kaya ang napagtagumpayan niyang gawin ay mapaharap dito at lalo pang mapadikit sa dibdib nito.

Hawak ng isang kamay nito ang gallon ng ice

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

cream na nakakatang sa pinto ng ref. Isang kamay nito ang humawak sa balikat niya. Nabigla siya kaya muli siyang tumingala rito. Lumipat ang kamay nito mula sa balikat niya, patungo sa kanyang baba.

“Marc?” mahinang sabi niya.

Dahil siguro sa pagsasalita niya, lumipat ang direksyon ng mata nito patungo sa mga labi niya. She felt as if someone was clutching her heart and a pleasant warmth was spreading on her stomach toward her abdomen.

“Yumi, iyon nga palang—”

Nahinto ang daddy niya sa pagsasalita sa naabutang eksena. Sabay sila ni Marc napatingin sa may dako ng pintuan kung saan ito naroon.

“Kinukuha ko lang po itong....” Tiningnan ni Marc ang hawak na gallon na parang nahihirapang alalahanin kung ano ang tawag doon.

“Ice cream,” sambit niya.

“Yeah. Ice cream. Kinuha ko itong ice cream sa freezer, Sir, I mean, Val.”

“Mabigat siguro iyan, ano? Kasi dalawa pa kayong kumukuha,” sagot ng matanda. “O siya, nakalimutan ko tuloy ang sasabihin ko. Isara n’yo na iyang ref at

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

sayang ang kuryente.” Agad silang tinalikuran nito.

Tumingin sa kanya si Marc. Sabay silang natawa. Of course, ang tawa niya ay may kalahating hiya, kalahating nerbiyos.

“Kain tayo ng ice cream,” aya ni Yumi.

Natawa ito. “Sige. Parang kailangan kong magpalamig.”

Hindi niya alam kung ano ang nangyari nang sandaling iyon. Hindi niya rin alam kung ano pa sana ang nangyari kung hindi pinili ng ama na maglakad patungong kusina nang sandaling iyon. But the moment was gone.

Sumubo siya ng ice cream at ninamnam ang lamig noon. Pinilit niyang maging normal sa pakikipagkuwentuhan ukol sa mga bagay na hindi na niya maalala. Okupado kasi ang utak niya. Nag-iisip pa rin siya kung ano ang lasa ng halik ni Marc. Sayang nga lang at hanggang umalis ito ay hindi na niya natikman.

Baka iyon ang paraan ni Lord na ipaalala sa kanya na masamang magnasa ng pag-aari ng iba.

3

Huli niyang nakita si Jeff noong fourth year siya, college ito at pumunta sa school para dalawin yata ang kapatid nito na noon ay nasa elementary naman. Ibang-iba na sa hitsura nito ngayon sa naaalala ni Yumi.

Unang-una, either mas tumangkad ito o kaya ay mas naging lanky ang hitsura. Pangalawa, hindi na ito mukhang emo. Mukha na itong taga-London. Well, at least, base sa napapanood niyang hitsura ng mga taong taga-roon. At may English accent na ito kaya nakakakilig kapag nagsasalita ng Ingles.

Sa airport sila nagkita. In-arrange ang flight para sila ni Jeff lang ang magkasabay. Nauna na ang grupo sa Palawan. Para raw may chance muna silang magkakilala.

“I can’t believe na napapayag ka nila rito,” anito sa kanya habang nakaupo sila sa boarding area.

“Ako nga rin, eh,” amin niya. Hindi siya nabibiro. Nakakanerbyos pala ang inoohan niya kapag naroon na.

“But I’m glad,” kapagkuwa’y sabi nito.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Simpleng sinilip ni Yumi ang mukha nito para siguraduhing sincere ito sa sinasabi. Mukha namang hindi nanunukso lang.

Si Jeff ang mukhang pinaka-hindi nakakatakot i-approach sa magkakabarkada noong high school dahil nga kahit tahimik ito noon ay mukha rin namang hindi suplado at hindi intimidating. Habang tinitingnan niya ito nang sandaling iyon, naniwala siyang totoo pa rin ang description na iyon. Lalo na at nakangiti ito sa kanya with a wide engaging smile.

“May idea ako,” mayamaya ay sabi nito.

“Ano ’yun?”

“Di ba sinet-up nila tayo?”

“In a way. Oo.”

“What if, sila naman ang i-set-up natin?”

Naging interesado siya sa sinabi ng lalaki. Humarap siya rito nang tuluyan. “Ano’ng iniisip mo?”

“Kunwari tayong dalawa na talaga.”

“What? Paano naman kaya mangyayari iyon?”

“Di ba, magka-club naman tayo dati?”

“Dalawang taon,” tugon niya. First year at second

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

year niya ay magkasama sila sa iisang club.

“We’ll make believe na doon pa lang—at di ko lang kinuwento sa kanila—niligawan na kita at muntik nang maging tayo pero di lang natuloy dahil nag-graduate na kami at umalis na ako ng country.”

Napakunot sandali ang noo ni Yumi. Kung magiging sila na, paano si Marc? Kasabay noon ay naisip rin niyang, Anong paano si Marc? Ungek ba siya? Si Marc ay may kasamang Pia, so...

“Paano sila maniniwala? Eh, super close kayo. Hindi ba nila malalaman kung niligawan mo nga ako o hindi sa Young Artists Club?”

“Oo nga, but natatandaan mo ba na I have this reputation of being mysterious and secretive? Saka, uhm, I kinda told them before na... ah, I had this crush on you.” Parang napahiya pa ito sa pag-amin na iyon.

“Alam ko na ’yun.”

Napangiti ito. “Talaga?”

“Yup, sinabi sa akin ni Marc.”

“Damn Marc.”

Natawa ang dalaga.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Nanatiling nakangiti naman ang mga mata nito.
“What do you think?”

“Puwede siguro. Sige,” payag niya sa panukala nito.

Ang private beach nina Marc ang pinakamagandang lugar na nakita ni Yumi sa buong buhay niya. Pagtapak niya roon, literal na gusto niyang maiyak sa sobrang ganda.

“Wow!” tanging iyon ang nasabi niya.

Inakbayan siya ni Jeff. “Beautiful, right?”

Tiningnan niya ang kamay nito sa balikat niya. Hindi siya sanay ng inaakbayan ng lalaki. Bakit ba ang magkaibigang ito ay mahilig siyang akbayan?

Naalala niya ang pagpapanggap na gagawin nila kaya dapat yata siyang masanay. Bakit niya gagawin iyon? Hindi niya alam. Kasi naman si Marc bakit iba pa ang mahal?

Ang mismong tao pang sinisisi niya sa pagkahilo dahil sa mga ginagawa niya sa buhay ang una niyang nakita. Si Marc ang sumalubong sa kanila pagkababa ng sasakyang sumundo sa kanila ni Jeff sa airport.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Pare,” bati ni Marc sa lalaking katabi niya. Tila hindi nakalagpas sa paningin nito ang pagkakaakbay ni Jeff sa kanya dahil dumako ang tingin nito roon. “I can see you have gotten reacquainted already.”

“More than that, Marc.” Ngumiti nang makahulugan si Jeff.

Nagkunot nang kaunti ang noo ni Marc bago humarap sa kanya na parang ayaw i-pursue ang sinabi ng kaibigan. “Had a good trip, Yumi?”

“Y-yes.”

Humigpit ang hawak ni Jeff sa balikat niya. “Of course she had a good trip. Natulog lang siya sa shoulder ko the whole time and I kept her perfectly safe. Di ba, honey?”

Parang nagkadikit na ang dalawang kilay ni Marc. Pero bago pa nakapagsalita ulit ang kahit sino sa kanila ay nagdatingan ang dalawa pang miyembro ng barkada kasama ang kani-kanilang mga girlfriends. Isa na lang ang wala.

“Asan si Pia?” tanong ni Jeff.

Nagkibit-balikat si Marc. “Something came up. Susunod na lang si Pi.”

Natawa ang kausap. “Sana sinabi mo sa amin,

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

para ikaw naman ang hinanapan namin ng date. After all, you did find me my perfect date.”

Nagtawanan ang lahat puwera kay Marc.

Muling kinuha ni Jeff ang atensyon ng mga kaibigan. “Oo nga pala, guys, I just want to make it official. After, more than ten years of waiting, sinagot na po ako ng aking high school love. Kaya I’d like to thank Marc here for finding her again for me. I’ll answer questions later.” Tumawa pa ito sa sariling pagbibiro. “In the meantime...” Natahimik ang mga tao habang hinihintay ang official announcement na tinutukoy nito. “I want you all to meet my new girlfriend, Yumi Reyes.”

Sabay-sabay na nag-congratulate sa kanila si Justin, ang girlfriend nitong si Bodge at saka si Ron at ang latest dini-date nitong si Dana.

Kay Marc humarap si Jeff. “Big thanks, Marc. Kapag ikinasal kami, ikaw ang best man ha.”

Nakita niyang ngumiti si Marc at tinapik ang likod ng kaibigan bilang tugon.

Nang mapag-isa si Marc ay saka lamang niya in-entertain ang mga gumugulo sa kanyang isip. May

hindi siya maintindihan sa sitwasyon.

Si Yumi at si Jeff na? Whoa! What just happened there?

May paliwanag ang kaibigan tungkol sa diumano ay panliligaw nito kay Yumi dati pa. At mukha namang tinanggap ng lahat ng kasama nila nang may katuwaan ang announcement at ang kaakibat na paliwanag nito kahit may hindi siya mailugar na kung ano sa sitwasyon.

Pero hindi rin lang iyon ang hindi niya naiintindihan. Hindi niya rin maunawaan kung bakit tila sobra naman ang reaksyon niya sa sinabi ng mga ito. After all, dapat matuwa siya dahil tagumpay ang matchmaking scheme niya.

May mga bagay lang naman kasi siyang nais bantayan. After all, he did feel a bit responsible for bringing Yumi here. Kanina nga sa bigayan ng room assignment, sinigurado niyang magkahiwalay ng silid sina Jeff at Yumi dahil siyempre, noong planuhin nila ito, klaro sa isip ni Marc na walang relasyon ang dalawa at baka ma-offend ang dalaga kung pagsasamahin niya.

Kaya lamang ay nag-request ang mga ito na magsama na lang sa isang silid.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Ayaw niya sanang pumayag. Kasi nga ay siya ang nag-imbata kay Yumi at ayaw niyang maging accessory sa seduction ng isang innocent. Ganoon niya nakikita ang babae—sweet, naïve, beautiful, innocent. Iba sa napakaraming babaeng kilala niya. Pero desisyon nito at ni Jeff na magsama kaya may magagawa ba siya kung hindi pumayag? Ngayon nga ay kasama ito sa iisang silid ng kaibigan niya, na naging boyfriend nito, matapos magkita sa airport.

Damn! Kung masaktan si Yumi sa anumang mangyayari, hindi niya ba magiging kasalanan iyon? And double damn! Why did he care so much? Besides, bakit ba siya praning? Ano naman ang puwedeng gawin ng kaibigan na ikakasakit ng dalaga? Mas matino pa nga sa kanya si Jeff kung tutuusin.

Natigil lamang si Marc sa pag-iisip nang tumunog ang telepono niya. Agad niya iyong sinagot, nagpapasalamat na rin sa dibersyon.

“Hey, sweetie.” Boses iyon ng girlfriend niyang si Pia. “I got na the first flight tomorrow so definite nang makakasunod ako. Huwag ka nang magtampo, ha.”

“All right,” tugon niya. Maling term ang ‘tampo’ para i-describe ang inis niya sa hindi pagsabay ni Pia. Pinlano nila ang outing na ito for more than three months pero two days bago umalis ay bigla

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

na lang itong nag-beg-off dahil may kailangan daw puntahang ‘Event of the Year’ which as a socialite, hindi nito afford hindi puntahan. At the same time, iniisip niyang pakana rin iyon ng nobya para i-twist ang sitwasyon so she could still make the famed dramatic late entrance. It had been a game she loved playing and it was grating on his nerves.

“Bakit parang di ka happy? Like, I’m super excited pa namang tawagan ka.”

“May mga iniisip lang ako.”

“Babe, what could you possibly be thinking on vacation?”

Natanaw niya sa labas ng bintana ng cottage niya si Yumi habang naglalakad mag-isa palapit sa tubig. Nakasuot ito ng white shorts at white loose blouse na natatandaan niyang kasama sa mga binili nila. She looked lovely, especially with her hair loose and blown by the breeze.

“Lots of things,” sagot ni Marc. “I’ll see you tomorrow.”

Nagmamadali siyang nagpaalam sa kasintahan bago lumabas ng cottage at maglakad sa direksyong kinaroroonan ng dating schoolmate na para bang wala siyang sariling pag-iisip.

Hinihintay ni Yumi si Jeff habang nakatanaw sa dagat. Binalikan ng binata ang naiwang camera sa kuwarto nila. Yup, share sila sa iisang silid.

Mabuti na lang at ang suite na natoka sa kanila ay may receiving area bago ang bedroom. Sa labas ng silid matutulog si Jeff at siya sa loob, ayon na rin sa usapan nila.

“That was fast,” sabi ni Marc mula sa kanyang likuran.

Ibinaling niya ang ulo rito. She looked at him over her shoulder. “Ang alin?” painosenteng untag niya.

“Kayo na ni Jeff?”

“Ah.”

“Iyon lang ang masasabi mo? Ah?”

“Eh...”

“Kabisado ko ang vowels ng alphabet, Yumi,” anito.

Hindi niya mapigilang mapangiti sa sense of humor ng binata. “Hindi kaya mabilis iyon,” tanggi niya.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

“Noong kausapin kita, ni hindi mo nga alam kung ano’ng nangyayari kay Jeff tapos ngayon, kayo na? Ano’ng tawag mo d’un?”

“Love,” sagot ni Jeff mula sa likuran nilang dalawa. “Don’t you see, Marc? She waited for me.” Muli siyang inakbayan ng ‘noby’. “At tamang-tama ang pagbabalik ko, nahanap ko na ang hinahanap ko.”

Sumusumpa si Yumi na hindi niya lang ilusyon iyon. May nakita siya sa mukha ni Marc na nagpagusto sa kanyang bawiin na lang ang palabas nila ni Jeff.

O baka naman hindi iyon totoo. Baka iyon lang ang gusto niyang makita kaya iyon ang interpretasyon niya sa nakikita.

“O paano, Dude? Lakad-lakad lang kami,” sabi ni Jeff.

“Yeah, sure. See you later,” sabi ni Marc. “Have fun!” pahabol pa nito.

“You like Marc, don’t you?” tanong sa kanya ni Jeff nang makalayo sila.

“Ha? Bakit mo naman naisip ’yun?” Patay-malisya pa siya.

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Tumawa ito. “Bulag lang ang hindi makakakita, Yumi. Mga bulag at saka si Marc mismo.”

Hindi na siya nagsalita. Totoo kayang halatang-halata siya? “Saranggola ba ’yun?” Itinuro niya ang makulay na bagay na nakalapag sa buhangin.

“Parang,” sabi ni Jeff.

“Wow! Halika, hiramín natin. Favorite ko ’yan n’ung bata pa ako,” nasisiyahan sabi niya. Nasisiyahan siya dahil sa saranggola at dahil nakahanap ng paraan ng pagpapalit ng topic.

“Paano ’yan? Hindi ako marunong. I’ve never flown a kite in my entire life,” sabi ni Jeff.

“Hay, naku, I’m sure sa harap ng computer ka lumaki.”

Ngumisi ito. “Medyo.”

Kunwaring nagbuntong-hininga siya. “Hay, coño kasi.”

Tumawa ito nang malakas. “Guilty.”

“Halika, tuturuan kita.” Inabot niya ang kamay ng lalaki para hilahin papalapit sa inabandonang saranggola.

May bahagyang sira iyon pero sa tingin niya ay

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

puwede pa. Tinuruan niya si Jeff na humawak noon bago pakawalan sa hangin kapag maigting na ang tali. Para silang mga batang pinagtawanan ang mga sablay nila sa pagpapalipad at nasisiyahan silang naghalakhakan nang sa wakas ay naging steady ang saronggola sa hangin.

Nang mapagod ay nagtatawanang naupo sila sa buhangin.

“I miss being in the Philippines,” banggit ng katabi.

“Talaga? Ayaw mo ba ’yung nasa first world country ka?”

“Mas masaya rito. Mas komportable. At saka walang ganitong lugar doon.”

“Oo nga naman,” sang-ayon niya.

“Ikaw, Yumi, hindi mo ba naisip na tumira sa ibang bansa?”

Umiling siya. “Hindi ko ma-imagine ang sarili ko na wala sa Pilipinas. Siguro puwede kung pasyal-pasyal lang kasi gusto ko rin namang makakita ng ibang lugar. Pero hindi permanently kasi narito lahat ng bagay na importante sa akin at mahal ko.”

“Kasama na si Marc?”

Something Stupid Like I Love You - Carla Giopaolo

Tinampal niya ang kausap nang mahina sa braso.
“Ano ka ba!”

“Hindi ka umaamin pero hindi mo rin naman kayang itanggi,” sabi nito.

Nag-init ang mukha niya. “Wala ’yun.”

“Dahil?”

Umiling si Yumi bago tumingin pabalik sa dagat. Tumama ang reflection ng liwanag sa dagat sa mata niya. She squinted a little. “I also love the sea,” sabi niya. “Paborito kong lugar ang tabing-dagat. Pero natatakot akong pumunta sa dagat mismo. Kasi hindi ako marunong lumangoy. Baka ako malunod.”

Naramdaman niya ang pagtitig sa kanya ni Jeff bago tingnan ang direksyong tinitingnan niya. Dahan-dahan itong ngumiti. “Puwede kitang turuang lumangoy,” anito.

Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya ay hindi lang tungkol sa dagat ang ibig sabihin ng usapan nilang iyon.